

Paghahanap ng Masaganang Buhay

Michele Michaels

Paunang Salita mula kay
Erin Thiele

Pag-asa.org



NarrowRoad Publishing House

Paghahanap ng Masaganang Buhay

Michele Michaels



Inilathala ng:
NarrowRoad Publishing House
POB 830
Ozark, MO 65721 U.S.A.

Ang mga materyales galing sa Restore Ministries ay isinulat para sa nag-iisang layunin na hikayatin ang mga kababaihan. Para sa mas maraming impormasyon, maaaring bumista sa:

Pag-asa.org
Encouragingwomen.org

Ang pahintulot mula sa may-akda ay ibinigay sa mga nagnanais na magprint o magphotocopy ng librong ito para sa kanilang sarili o ibang tao, ay mahigpit na para sa paghikayat at pagpapakalat ng impormasyon; gayunpaman, ang mga kopya o reprints ay hindi maaaring ibenta sa kahit na anong paraan ng walang naunang pahintulot na may kasulatan mula sa may-akda.

Maliban kung nasasaad, karamihan sa mga Bersikulo mula sa Banal na Kasulatan ay kinuha mula sa *Magandang Balita Biblia (MBBTAG)* Ang mga quotations mula sa Banal na Kasulatan na may markang *MBBTAG* ay kinuha mula sa Ang Biblia ng Bibliya, at ang mga Banal na Kasulatang may markang *ABTAG1* ay kinuha mula sa *Ang Biblia*. Ang aming ministeryo ay hindi partial sa isang partikular na bersyon ng Bibliya ngunit **mahalin** silang lahat upang kami ay makatulong sa bawat kababaihan sa lahat ng denominasyon na nangangailangan ng paghikayat at nagnanais ng mas malalim na relasyon sa kanyang tagapag ligtas.

Copyright © 2021 by Erin Thiele

Cover Design by Dallas and Tara Thiele

ISBN: 1-931800-67-7

ISBN13: 978-1-931800-67-9

Talaan ng Nilalaman

1.	Ano ang Masaganang Buhay?.....	5
2.	Paghahanap ng Iyong.....	14
3.	Ang Pag-ibig ng Buhay Ko.....	20
4.	Ipamigay Ito.....	29
5.	TUNAY na Sulit ang Paghintay.....	41
6.	Wala Sila Nito.....	50
7.	Nananabik Para Kanino?.....	61
8.	Sino Ang Iyong Pinakikinggan?.....	73
9.	Magbigay.....	81
10.	Pagsuko.....	92
11.	Je t' aime Maman.....	100
12.	Ang Pinakamahasay na Proteksiyon Mo.....	109
13.	Kung Mahal Mo Ako.....	118
14.	Ikaw Lang ang Mahalaga.....	129
	Tungkol sa May-akda.....	140

Paunang Salita

Taon na ang lumipas mula ng nakawin ng Kilusang Pangkababaihan sa mga babae ang kanilang makatarungan na tungkulin at biyayang ipinagkaloob ng Diyos sa paglikha sa kanila. Bagamat ang layunin nito ay makapagbigay sa mga babae ng pantay na karapatan ng kagaya sa mga lalaki, nagdulot ito sa mga kababaihan na tanggapin ang pagiging dalagang ina, na maghandog hindi lamang para sa kanila kundi para sa kanilang mga asawang lalaki. Ang mga kababaihan ay hindi napalaya ang kanilang sarili mula sa mga kalalakihan, kagaya ng nasabi na ito ay magaganap, ang mga babae ay nahumaling na magkaroon ng lalaki, kahit sinong lalaki, sa ano mang paraan. Hindi nakakabigla na ang Propeta sa Bibliya ay sinabing ang araw na ito ay darating. Isaias 4:1 Magandang Balita Biblia (MBBTAG), “Kami na ang bahala sa aming kakainin at isusuot na damit; pakasalan mo lamang kami para mawala ang kahihiyang taglay namin sapagkat kami’y walang asawa!”

Ang mga babaeng katulad ni *Michele ay tinawag upang baybayin ang landas para sa mga kababaihan na di kalaunan ay matatagpuan ang kanilang sariling mag-isa, walang asawa o anak o pamilya. Sa serye ng limang aklat na ito, dadalhin tayo ni Michele sa kanyang paglalakbay na hindi nagdulot sa kanya na maibalik kung ano man ang nawala, bagkus ang makahanap ng relasyong sobrang matatag, sobrang nakasasapat at sobrang mapayapa na naging inspirasyon siya para sa atin.

Karamihan sa nabasa ko sa librong ito, noong ito ay unang ipinamamahagi sa kaniyang simbahan lamang, ay ginamit ko upang tulungan ang mga kababaihan sa aking ministryo. Bawat isa sa amin ay kailangang gamitin ang mga hindi nabibigkas na katotohanan, karunungan at kalayaan na naranasan ni Michele at ibinahagi niya sa atin sa daynamikong librong pangkababaihan. Isang malaking karangalang matawag kong isang kaibigan si Michelle, at sa pamamagitan ng maliwanag na pagbabahagi niya sa atin sa librong ito na makakatulong sa bawat isa sa ating matuklasan kung papaano tayo makakaangat sa bawat sitwasyong tinawag Niyang pagdaanan natin

Erin Thiele

Restore Ministries International

Kabanata 1

Ano ang Masaganang Buhay?

Dumarating ang magnanakaw para lamang magnakaw, pumatay, at manira. Naparito ako upang ang mga tupa ay magkaroon ng **buhay**, buhay na **masaganang lubos**.

—Juan 10:10

Ano ang Masaganang Buhay?

Ang masaganang buhay ay ang buhay na aking ngayong tinatamasa. Ito ang buhay na mayroong “kaligayahang hindi matumbasan” dahil ito ay puno ng Kaluwalhatian ng Diyos! Ito ang buhay na, sa aking paniniwala, ibinigay ni Hesus sa atin noong siya ay namatay, ngunit iilan lang sa atin ang nakakatagpo nito sa kanilang buhay! Sa Amplified na Bibliya, ipinapaliwanag na ito ay ang buhay na “masagana [pagkamit ng mas malaking perpekasyon kaysa pamumuhay sa buhay na ito].”

Sa mga nagdaang ilang buwan, dinala ako ng Panginoon sa bagong buhay, isang buhay na masagana. Ang buhay na ito ay tila mahirap marating para sa akin at karamihan sa mga Kristiyano. Ang aking buhay ay puno ng pakikibaka, hindi ang buhay na madali kagaya ng sinabi ni Hesus sa Mateo 11:29. “Pasanin ninyo ang aking pamatok, at magaral kayo sa akin; sapagka't ako'y maamo at mapagpakumbabang puso: at masusumpungan ninyo ang **kapahingahan ng inyong mga kaluluwa**.”

Bagaman ang aking paglalakbay patungo sa masaganang buhay ay hindi pa kumpleto, aking masasabi sa iyo na narating ko na ang **kapahingahan** para

sa aking kaluluwa at kaligayahang hindi matumbasan, puno ng kaluwalhatian!!!

“Upang ang pagsubok sa inyong pananampalataya na lalong mahalaga kay sa ginto na nasisira bagama't ito'y sinusubok sa pamamagitan ng apoy, ay masumpungan sa ikapupuri at ikaluluwalhati at ikararangal sa pagpapakahayag ni Jesucristo: Na hindi ninyo nakita ay inyong iniibig; na bagama't ngayon ay hindi ninyo siya nakikita, gayon ma'y inyong sinasampalatayanan, na kayo'y nangagalak na totoo na may **galak na di masayod at puspos ng kaluwalhatian**: Na inyong tinatanggap ang layunin ng inyong pananampalataya, ang pagkaligtas ng inyong mga kaluluwa” (1 Pedro 1:7-9 Ang Biblia (1978 ABTAG1978).

Tayo ay nagbabasa ng mga bersikulo tulad ng sa Juan 16:33. “Ang mga bagay na ito ay sinalita ko sa inyo, upang kayo'y magkaroon sa akin ng kapayapaan. Sa **sanglibutan** ay mayroon kayong kapighatian: nguni't laksan ninyo ang loob; aking **dinaig ang sanglibutan**.” Tayo ay nakatuon lamang sa “**Sa sanglibutan ay mayroon kayong kapighatian,**” dahil ganoon tayo mamuhay sa araw-araw.

Ang buhay na ito na puno ng kapighatian, ng pakikibaka, ng sakit at ng kalungkutan ay hindi plano ng Diyos. Hindi ito ang dahilan kung bakit dumating si Hesus sa mundo upang mabuhay at mamatay para sa atin. Naniniwala ako na dapat tayo ay mamuhay ng buhay na puno ng kaligayahan na hindi kapani-paniwala at hindi mo ito maipaliwanag—isang **kaligayahang hindi masabi** dahil puno ito ng kaluwalhatian ng Diyos!!

Kagaya ng kapangyarihan ni Hesus na dumating sa pamamagitan ng krus, ako ay naniniwala na ang ating krus din, ang magiging dahilan upang tayo ay magkaroon ng ganitong klaseng buhay na kaiinggitan ng mundo. Ang ating buhay ay dapat maging isang buhay na magsisilbing liwanag sa kadiliman ng mundo ngayon; ang buhay na nagbibigay liwanag na gabayan ang buhay ng mga kababaihang naliligaw sa kadiliman. Sa kalagitnaan ng kanilang kadiliman, ang ating liwanag ang magtuturo sa daan patungo sa nag iisang makakapagbigay sa kanila ng masaganang buhay. “Sapagka't ang sinomang ipinanganak ng Dios ay **dumadaig sa sanglibutan**: at ito ang pagtatagumpay na **dumadaig sa sanglibutan**—sa makatuwid ay ang ating pananampalataya.” (1 Juan 5:4).

Huwag mong kalilimutan na *“Kayo’y sa Dios, mumunti kong mga anak, at inyong dinaig sila: sapagka’t lalong dakila siyang nasa inyo kay sa nasa sanglibutan”* (1 Juan 4:4).

Tayo ba ay kailangang maghintay hanggang makarating tayo sa langit bago *“At papahirin niya ang bawa’t luha sa kanilang mga mata; at hindi na magkakaroon ng kamatayan; hindi na magkakaroon pa ng dalamhati, o ng pananambitan man, o ng hirap pa man: ang mga bagay nang una ay naparam na”* (Apocalipsis 21:4)?

Akala ko rin dati ay ganoon, ngunit hindi na ngayon.

Simula ng matagpuan ko ang ganitong buhay, nagkaroon ako ng walang kabuluhang kagustuhan na ibahagi ang buhay na ito sa bawat babaeng aking kakilala! Ito ay higit sa kalayaan, higit sa paghahanap ng kapayapaan—ito ay isang buhay na magdudulot sa iyo na kagustuhan na kumanta at sumayaw!!

Ang buhay na ito ay hindi narating sa paraang hindi magagamit at hindi matatamo sa kahit na sino. Ibig sabihin kung ano ang mayroon ako ngayon, maaari mong makamtan, at maibabahagi sa iyong mga kaibigan, sa iyong anak na babae, sa iyong ina o iyong kapatid na babae! Nakakabigla, hindi ito sa aking nakamtan, ngunit, sa katotohanan, noong nawala sa akin ang lahat!

Hindi ba sinabi ni Hesus sa atin? Noong hindi tayo nakikinig, o wala tayong tamang tainga upang karapatan marinig ito? *“Sapagka’t ang sinomang magibig ilitas ang kaniyang buhay ay mawawalan nito: at ang sinomang mawalan ng kaniyang buhay dahil sa akin ay makakasumpong niyaon”* (Mateo 16:25).

Bilang Kristiyano, tila madalas ay mayroon tayong “kaalaman” ng prinsipyong ito at ng marami pang ibang prinsipyo na sinabi sa atin ni Hesus noong Siya ay nagmiministeryo sa Kaniyang mga apostol o noong Kaniyang ibinahagi ang Beatitudes sa liboan—ngunit hindi natin binubuhay ang buhay na iyon. Hindi natin nilalakaran ito. Mayroon tayong pananampalataya na *maniwala* na ito ay gagana, ngunit hindi natin

isinabuhay ang pananampalatayang ito; samakatuwid, “ang pananampalataya na walang mga gawa ay patay” (Santiago 2:26).

Para sa karamihan sa atin, ang ating buhay ay tila patay o namamatay. Ngunit, namatay si Hesus upang Mga kababaihan, ang buhay na ito ay maaaring marating ng bawat isa sa atin. Natagpuan ko sa paglipas ng mga nakaraang buwan na matatagpuan ito sa pagkawala ng buhay na pinipilit nating panatilihin. Ito ay sa tuluyang pagsuko ng ating buhay at pamumuhay ng mga prinsipyo na matatagpuan sa Bibliya, ngunit hindi talaga isinabuhay, na magbibigay sa atin ng kaligayahang mailap sa atin.

Sa pagdaan ko sa aking unang restorasyon, aking isinabuhay ang mga prinsipyong matatagpuan sa *Restore Your Marriage* na libro at nagtamo ng naipanumbalik na pagsasama. Gayunpaman, aking isinabuhay ang mga prinsipyong ito ng may takot at pag-aalinlangan dahil sa antas ng aking pananampalataya ng mga panahong iyon. Ang mas malala, gayunpaman, ay ang aking paghahanap sa buhay na aking gusto. Hindi pumasok sa aking isip na ako ay magiging masaya (at maligaya) kung hindi ibinalik ng Diyos ang aking kasal sa aking asawa. Kaya ako ay nagdasal ng may partikular na nais (kagaya ng turo sa atin sa mga Bible Studies na gawin) at sundin ang mga prinsipyo (na tinuturo ng ating ministeryo na gawin ng mga kababaihan). Simula ng mahanap ko ang aking masaganang buhay (noong nawala ang lahat sa akin), Aking naunawaan na sinabi din ni Hesus sa atin kung paano magdasal, kung saan “Sundin ang loob mo.”

Ang nakapukaw ng aking pansin ay noong nagsimula kong makita ang mga babaeng mayroong naipanumbalik na pagsasama sa kanilang mga asawa, ngunit namumuhay ng isang buhay na puno ng pagsubok, pasakit at pighati, ang nag-udyok sa aking kumilos mula sa kung saan ako namalagi —sa panig na ito ng Jordan. Ang panig na ito ng Jordan ay malapit lamang sa disyerto ngunit sa may tabing-ilog. Mukhang luntian na may masaganang tubig, ngunit hindi ito ang lupang naipangako.

Dahil sa mga katanungang ipinadala sa akin ng mga kababaihang napupuno ng pakikibaka, sakit, takot at pagkalito na akin ding naranasan, ako ay naghanap muli sa Diyos para sa kagustuhan Niya sa aking buhay:

“Sapagka't ganito ang sabi ng PANGINOON ng mga hukbo, “Minsan na lamang, sangdaling panahon, at aking uugain ang langit, at ang lupa, at ang dagat, at ang tuyong lupa. . . Ang huling kaluwalhatian ng bahay na ito ay magiging lalong dakila kay sa dati,” sabi ng Panginoon ng mga hukbo; “at sa dakong ito ay magbibigay ako ng kapayapaan,” sabi ng PANGINOON ng mga hukbo” (Hagai 2:6, 9).

Sa katotohanan, wala akong ideya kung ano ang aking hinahanap, ngunit ang Diyos ay tinatawag ako upang umakyat sa mas mataas at maghanap ng hindi pamilyar na teritoryo upang mabiyayaan ang Kaniyang mga anak na babae na ipinagkatiwala Niya sa akin.

Ang aking natagpuan ay ang bukal ng kabataan, kapayapaan ng loob, ang tunay na kahulugan ng buhay, ang sikreto ng buhay at kung bakit tayo nilikha—lahat sa isang iglap. Nahanap ko sa bersikulong ito na ipinagkaloob sa akin ng Panginoon mahigit sampung taon na ang nakalipas ngunit hindi ako pinatahimik hanggang ilang linggo lang ang nakaraan. Akin itong binabasa araw araw at itinatanong sa iba kung ano ang sa palagay nilang kahulugan nito. Alam kong ibinigay sa akin ito ng Diyos, at maaaring ito ang susi ng masaganang buhay na aking hinahanap

*“Kaya't ganito, ang sabi ng PANGINOON, ‘Kung ikaw ay magbalikloob, papananauliin nga kita— upang ikaw ay makatayo sa harap ko; at kung iyong ihiwalay ang may **halaga sa walang halaga**, ikaw ay magiging parang aking bibig: sila'y manunumbalik sa iyo, nguni't hindi ka manunumbalik sa kanila” (Jeremias 15:19).*

Maaaring simple lang ito, ngunit ang tunay na kahulugan nito ay naging mailap sa akin ng ilang taon. Akin muli itong binasa, dinagdagan pa nga ng dalawang salita sa hulihan ng bersikulo noong hiningi ko sa Diyos na bigyan ako ng pang-unawa. Eto ang aking nababasa, “Kaya't ganito, [Michele], ang sabi ng PANGINOON, “Kung ikaw ay magbalikloob, papananauliin nga kita— upang ikaw ay makatayo sa harap ko [mag-isa]; at kung iyong ihiwalay ang may halaga sa walang halaga, ikaw ay magiging parang aking bibig: sila'y manunumbalik sa iyo, nguni't hindi ka manunumbalik sa kanila [para humingi ng pag-asa o tulong]” (Jeremias 15:19).

Ang “**may halaga sa walang halaga**” ang nagpabagabag sa akin ng husto. Ako ay patuloy na naghahanap sa iba’t ibang bagay sa aking buhay at sinubukang ikumpara ito upang makita kung ito ay *may halaga o walang halaga* upang malaman kung kailangan kong *tanggapin* ito sa aking buhay. Inabot ako ng maraming taon upang matuklasan kung ano ang alam ko na sa aking isip, ngunit kailangan kong matuklasan sa aking puso. Mga Kababaihan . . .

Siya ay mahalaga—at lahat ay walang kabuluhan!

Maaaring maisip mo na alam mo na ito at iisipin mo na ako ay sobrang mangmang. Ngunit, hanggat hindi mo isinasabuhay ang nagsusumigaw na prinsipyong ito, ito ay mananatiling kaalaman sa isip lamang!

Alam ko na noong oras na “nakuha ko na” tatawagin ako ng Diyos upang Kaniyang maging tagapagsalita! Bago ang rebelasyong ito, ako ay isang babae na masaya kung hindi siya aalis sa kaniyang bahay—ngayon ako ay naglalakbay sa buong mundo! Ang prinsipyong ito, aking pinaniniwalaan, ang nagpabago sa mga apostol ni Hesus mula sa pagtatago sa mataas na silid patungo sa mga kalalakihang magiging martir at ipapako sa krus.

Ang masaganang buhay ay isang buhay na isinuko. Isinuko sa lahat ng kagustuhan na tingin natin ay magpapaligaya sa atin at lahat ng kontrol na tingin natin ay kailangan natin sa ating buhay (at sa buhay ng mga tao sa paligid natin). Ako, kagaya mo, ay inisip na ito ang aking buhay na isinasabuhay. Ginawa ko si Hesus na Panginoon ng aking buhay, ngunit hindi ko lubusang napagnilayanang paghahanap sa buhay na inilikha para sa akin, na ngayon ay akin ng isinasabuhay.

Noong ako ay nag-umpisang mangelula sa kaibuturan ng aking kaluluwa na lumakad kasama ang Diyos sa “lilim ng araw” kagaya ng ginawa ni Adam, lumakad kasama ang Diyos kagaya ng ginawa ni Enoch at makita Siya sa mukha kagaya ni Moses, hindi ko alam kung paano gawin ito. Kaya hiningi ko sa Diyos na ituro sa aking kung paano, dahil lahat ng karunungan ay galling sa itaas at ibibigay Niya ang karunungan sa sino mang hihingi.

Sa aking paghahanap, ang aking puso ay nagumpisang magbago patungo sa kung ano ang nagtutulak sa akin na malaman kung paano magkaroon ng

ganitong pagpapalagayang-loob sa Panginoon. Sa halip na gustuhin kong ano ang maidudulot ng pagpapalagayang-loob na ito para sa *akin*, natuklasan ko di kalaunan na magkaroon ng pagpapalagayang-loob para sa Kaniya, aking Minamahal. Nais ko higit sa ano man na maging babaeng Kaniyang nilikha na maging ako – Kaniyang katuwang! Nais kong mapalapit kami sa isa't-isa upang makisama kami ng sabay at mapamahal ng husto sa Kaniya (dahil iyon ang dapat sa Kaniya) kagaya Niya sa akin

Ang pagkakatuksa ng mahalaga at walang halaga ay natagpuan noong may misyonerong dumalaw sa aming simbahan at nagpahayag ng kwento ng isang batang babae na kaniyang nakita na namumuhay sa kalsada at malapit ng pumanaw. Ang misyonero ay tinawag upang umalis na sa India at bumalik sa states. Kinailangan niyang magpaalam sa batang babae na ito, at alam niyang ito na ang huling pagkakataon na makikita niya itong buhay. Noong niyakap niya ang batang babae, siya ay lubusang nadurog at nalungkot noong sinabi ng batang babae na, “Hindi mo kailangang malungkot para sa akin, dahil nasa akin si Hesus. Si Hesus lang ang aking kailangan. Siya ang lahat. Ang lahat ng kailangan ko ay nasa akin.” Ito ang ikalawang taon na narinig ko ang kwentong ito, ngunit ngayon binago nito ang aking buhay magpakailanman!

Inumpisahan kong sabihin sa Panginoon na Siya lang ang aking gusto, Siya lang ang aking kailangan at kung nasa akin Siya, nasa akin na lahat ng aking kakailanganin! Sa tuwing sinasabi ko ito ng madalas, lalo Siyang nagiging pag-ibig ng aking buhay. Ang aking sinasabi ay nagiging laman ng aking puso! Kapag dumarating ang pagsubok sa aking buhay, sasabihin ko sa Panginoon na Siya lang ang aking gusto at kailangan. Agad-agad, anuman ang dumating laban sa akin ay hindi na mahalaga, at nawala na ang sakit at epekto nito sa akin.

Ang ganitong pag-iisip ang nagpabago sa aking puso na hindi lang makayanan, kundi upang malagpasan ang pagkawasak na dumarating laban sa akin (sa aming pamilya at aking ministryo) ng sinabi ng aking asawa na ako ay kaniya ng didiborsyohin. Sa kalagitnaan ng mga ganitong krisis ay madadala ka sa rurok ng kaligayahan na hindi mo maipapaliwanag!

Magiging mahalaga Siya sa iyo kagaya ng sa batang babae na malapit ng pumanaw at kung ano Siya sa akin ngayon. Kung hindi pa iyon sapat, “at

ang lahat ng mga bagay na ito ay pawang idaragdag sa inyo,” ang batang babae na malapit ng pumanaw ay gumaling, buo at malusog noong bumalik ang misyonero. Si Hesus ay nasa Kaniya, at Siya lang ang kaniyang kailangan upang mabuhay. Hindi pa ako papanaw, kahit ako ay diniborsiyo ng aking asawa isang buwan na ang nakakalipas, at ako ay isang dalagang ina ng anim na anak. Ngunit nasa akin din si Hesus, at Siya lang ang kailangan ko upang mabuhay ng masagana!

Umaasa ako na ang unang kabanata na ito ang napaigting ang iyong pagkauhaw at kagustuhan na mapasaiyo si Hesus—makilala Siya ng mas malalim habang Siya ay nagiging lahat ng iyong kagustuhan at kailangan. Hindi mo kailangang bitawan ang kahit na ano, ngunit gawin mo lang ang hiningi ng Diyos na gawin mo. Umpisahan sa pagsasabi kay Hesus na Siya lang ang iyong gusto, Siya lang ang kailangan mo at kung Siya ay nasa iyo, lahat ng kailangan mo ay nasa iyo na. Kapag dumating ang mga pagsubok sa iyong buhay, paulit ulit sabihin ang mga salitang ito hanggat kung ano man ang nagaganap (o naganap na) ay mawawalan ng halaga.

Sabihin ang mga salitang ito pagkagising mo sa umaga at kung ikaw ay hihiga na sa iyong unan sa gabi. Sabihin ito ng malakas, sa iyong puso at tuwing ikaw ay pupunta sa iyong kwartong dasalan.

Pag ang kaalaman sa iyong isip ay maging kondisyon ng puso walang anonang makakasakit, walang makakapagpaguho sa iyo, at walang makakapagpanginig sa iyo. Kung ikaw ay nasasaktan, kung ikaw ay nakakaramdam ng pagguho, kung ikaw ay naninginginig o nangangatog ay kailangan mo pang **higit Siya**. Aking minamahal, ang higit pa sa Kaniya ay hindi matatagpuan sa pagbabasa ng tungkol sa Kaniya sa Bibliya, pagsasabi ng mga Banal na Kasulatan o pagtatatagpuan ng demonyo. Ito ay natatagpuan sa pagkakaroon ng malalim na relasyon *sa* Kaniya.

Hindi ibig sabihin nito na hindi mo na babasahin ang iyong Bibliya (ito ang mga liham ng pag-ibig at pangako mula sa Kaniya.), at hindi din ibig sabihin nito na hindi mo na bibigkasin ang mga Banal na Kasulatan (dahil ito ang nagpapabago ng iyong isip kaya ikaw ay matututong magisip kagaya ng pag-iisip ni Hesus), o hindi ka na magdarasal (sa halip ay umpisahan ang pagdarasal sa pagbabahagi ng iyong puso at lahat ng sakit ngunit ipapaubaya sa Kaniya ang lahat—**Sundin** ang loob Niya!). Mula sa uri ng

pagdarasal na aking ginagawa (pakikipaglaban sa labang espiritwal), natuklasan ko na bilang ang Panginoon ang aking asawa ibig Niyang labanan ang aking mga laban. Ang aking posisyon ay sa Kaniyang tabi, bilang Kaniyang Bride, at pagtuunan ng pansin ang aking pagmamahal at pagkalinga sa Kaniya kagaya ng Kaniyang inaasam.

Kung ikaw ay asawang pinabayaan at nagluluksa ang kalooban at asawang tinanggihan, tinatawag ka ni Hesus bilang Kaniyang Bride! Gusto mo ba? Kaya mo bang iwan ang lahat (ang pag-aalala, ang sakit, ang mga katanungan at ang mabibigat na relasyon) at hanapin Siyang mag-isa?

*“Sapagka't tinawag ka ng PANGINOON na parang asawang **kinalimutan namamanglaw** sa kalooban, parang asawa ng kabataan, pagka siya'y itinatakuwil, 'sabi ng iyong Dios...Sapagka't ang May-lalang sa iyo ay **iyong asawa**; ang PANGINOON ng mga hukbo ay kaniyang pangalan: at ang Banal ng Israel ay iyong **Manunubos**, ang Dios ng buong lupa tatawagin siya” (Isaias 54:6).*

Tungkol sa May-akda

Si Michele Michaels ay dumating sa Restore Ministries International nang nakaharap siya sa diborsyo. Sa panahong siya ay ina ng dalawang maliliit na lalaki. Matapos basahin Kung Paano Magagawa at Mapapanumbalik ng Diyos ang Iyong Kasal at Isang Wise Woman at nagsimula siyang tulungan si Erin Thiele sa kanyang mga libro, kaagad matapos silang magkita habang ang bawat isa ay nasa Orlando, Florida. Kaagad na pagdalaw ni Erin kay Michele sa kanyang tahanan sa Colorado, naibalik ang kanyang kasal.


Halos eksaktong labing-apat na taon na ang lumipas ay natagpuan ni Michele ang kanyang sarili na nahaharap muli sa diborsyo habang tumutulong na i-update at baguhin ang isang maliit na buklet ng Facing Divorce para sa kanyang simbahan. Matapos bumalik sa RMI upang i-refresh ang kanyang isipan, sinimulang mapagtanto ni Michele na plano Niya na gamitin ang pagsubok na ito para sa napakahusay. Ito ay sa panahon ng bagong kabanata na ito sa kanyang buhay nang matuklasan ni Michele ang totoong kadahilanan na pinayagan ng Diyos na mangyari muli ang isa pang diborsiyo at kung ano ang nawawala niya: *The Abundant Life*.

Ang aklat ni Michele na *Living the Abundant Life* ay magagamit sa **EncouragingBookstore.com** at gayundin sa **Amazon.com**.

Gayundin, kung natagpuan mo ang kalayaan na magmahal at mahalín ng iyong Asawa sa pamamagitan ng pagbabasa ng aklat na ito, tiyaking nabasa mo ang susunod na aklat ni Michele na *Breaking free* mula sa **The Poverty Mentality** at **Moving Mountains** na magagamit sa lalong madaling panahon mula sa parehong mga nagbebenta ng libro

Magagamit din

Ang aming Restore Series
Sa EncouragingBookstore & Amazon.com



Paano Ang DIYOS Marri at Nais Magbuo na
Muli ng Iyong Buay May-asawa

Restore Ministries International

POB 830 Ozark, MO 65721

Para sa karagdagang tulong
Mangyaring bisitahin ang isa sa aming Mga Website:

Pag-asa.org

EncouragingWomen.org

HopeAtLast.com

LoveAtLast.org

RestoreMinistries.net

RMIEW.com

Aidemaritale.com (Pranses)

AjudaMatrimonial.com (Portugues)

AyudaMatrimonial.com (Espanyol)

Eeuwigdurendeliefde-nl.com (Olandes)

EvliliginiKurtar.com (Turko)

EternalLove-jp.com (Hapones)

Uiteindelikhooop.com (Afrikaans)

Zachranamanzelstva.com (Eslobako)

Wiecznamilosc.com (Polish)

EncouragingMen.org